# COUNTY OF LOS ANGELES

## DEPARTMENT OF PUBLIC WORKS

## (KAGAWARAN NG MGA GAWAING PAMPUBLIKO)

*"Pinagyayaman ang Buhay sa Pamamagitan ng Epektibo at May Malasakit na Serbisyo"*


900 SOUTH FREMONT AVENUE
ALHAMBRA, CALIFORNIA 91803-1331
Telepono: (626) 458-5100
http://pw.lacounty.gov

**Mark Pestrella, Direktor**

IPADALA ANG LAHAT NG SULAT SA:
P.O. BOX 1460
ALHAMBRA, CALIFORNIA 91802-1460


PARA SA PAGSAGOT, MANGYARING
SUMANGGUNI SA FILE NA:
WR-2

### REKOMENDASYON SA PROTEKSYON MULA SA PAG-AGOS NG PUTIK PAGKATAPOS NG SUNOG

Maraming lugar sa Southern California ang pana-panahong dumaranas ng matinding pinsala dahil sa mga sunog sa kagubatan at firestorm. Ang mga nalalapit na pag-ulan sa taglamig ay may banta ng malaking dagdag na pinsala dahil sa pagbaha at pag-agos ng putik at naiwang abo at guho mula sa mga nasunog na lugar.

Bilang bahagi ng pagresponde sa emerhensiya na ibinibigay ng Public Works, naglalaman ang package na ito ng impormasyon na tutulong sa iyo sa pagprotekta ng iyong ari-arian. May karagdagang impormasyon sa aming website ng impormasyon kaugnay ng sakuna pagkatapos ng sunog sa https://pw.lacounty.gov/wrd/fire. Kung ipinadala sa iyo ang package na ito sa pamamagitan ng koreo o iniwan ito sa iyong property habang wala ka, at nais mong mabigyan ng rekomendasyon ng engineering team, mangyaring makipag-ugnayan kay G. Mike Miranda sa (626) 458-6164 o sa mmiranda@pw.lacounty.gov para humiling ng pagbisita. Makikipag-ugnayan kami sa iyo sa susunod na araw na may pasok.

Kung mayroong ibinigay na rekomendasyon sa iyo, ang rekomendasyong ibinigay sa kalakip na form ay batay sa kinakailangang limitadong pagsusuri sa iyong ari-arian. Ito ay gagamitin kasabay ng mga alituntuning nakasaad sa *Gabay ng May-ari ng Bahay para sa Pagbaha, Naiwang Kalat at Guho, at Pagkontrol sa Erosyon* ng County na kasama sa package na ito at makukuha rin sa https://pw.lacounty.gov/wrd/fire. Kung hindi mo natanggap ang booklet na ito o kailangan mo nito, mangyaring tumawag sa (626) 458-4304, at bibigyan ka namin nito.

Nilalayon sa rekomendasyon na bigyan ka ng mga makatwirang hakbang na maaaring gawin upang mabawasan ang pagtaas ng panganib ng baha. Bagama't nilalayon sa rekomendasyong mabawasan ang banta ng pinsala mula sa baha, walang garantiya na mapipigilan ng mga hakbang na ito ang pagkasira o pinsala. Maaaring lubos na hindi mahuhulaan ang mga pag-agos ng mga putik at naiwang kalat at guho mula sa mga nasunog na lugar sa kanyon at gilid ng burol. Nag-aalok na ngayon ang Public Works ng LA County ng mga alerto sa email at mensaheng text para sa mga napapanahong

pagtataya sa pag-agos ng putik. I-scan ang QR code at mag-sign up ngayon para magsimulang makatanggap ng mga abiso.

Ang mga rekomendasyon na nakapaloob sa kalakip na form ay mga pansamantalang hakbang sa emerhensiya na maaari mong gawin, bilang may-ari ng bahay, upang maprotektahan ang iyong ari-arian. Maaari kang makipag-ugnayan sa isang lisensyadong inhinyero na may karanasan sa mga usapin sa paagusan upang masuri kung ano pang mga karagdagang pangmatagalang hakbang ang maaari mong gawin. Pakitandaan na aabutin ng humigit-kumulang apat hanggang limang taon bago lubos na bumalik sa dati ang nasunog na watershed. Samakatuwid, dapat na ipagpatuloy ang anumang ginagamit na hakbang sa proteksyon sa loob ng hindi bababa sa limang taon.

P:\wrd\POSTFIRE DRAINAGE\FIRE\Miscellaneous\2022 Post Burn Mudflow Protect Advice.doc